

## 4 ANO ANG SHIZUOKA CITY NIHONGO SHIDOU CENTER? (Center Para sa Pagtuturo ng Nihongo)

\* Ito ay mga Klase sa Nihongo para sa mga bata.

### 1 Ano ang ginagawa sa Nihongo Shido Center?

Tinuturuan ng Wikang Nihongo ang mga naghahangad maag-aral na batang dayuhan o mga batang Japanese na tumira sa ibang bansa na nag-aaral sa mababang paaralan at Junior high school sa Japan. Pinapatnubayan din ang mga batang dayuhan na masanay sa pamumuhay sa paaralan. Bilang pangunahing tulong, pinapayuhan ang mga batang nagkakaroon ng suliranin sa pamumuhay sa Japan, nakikipag-usap sa magulang at sa homeroom teacher.

### 2 Nasaan ang Nihongo Shidou Center.

Center na nasa Pambayang Mababang Paaralan ng Morishita Para sa mga mag-aaral ng mababang paaralan sa Suruga ku at Aoi ku	Center na nasa Shizuoka Prefecture Educational Hall Para sa mga mag-aaral ng Junior High School sa Suruga ku at Aoi ku	Center na nasa Pambayang Mababang Paaralan ng Shimizu Udo Dai-ichi Para sa mga mag-aaral ng mababang paaralan at Junior High School sa Shimizu ku
---	---	---

### 3 Ilang mga dayuhang bata ang pumapasok sa Nihongo Shidou Center.

Humigit kumulang sa 50 katao ang kabuuang pumapasok na bata sa 3 center ngunit nagbabago ang bilang ng mga batang lumilipat galing sa ibang paaralan.

### 4 Ano ang gawain sa pagtuturo ng Nihongo?

May 2 uri ng pagtuturo: Una, ang pagtuturo sa klaseng may antas at ang ikalawa ay ang pagbisita at pagtuturo ng Nihongo sa paaralan at pagbibigay payo.

Pagtuturo sa klase Sa Nihongo Shidou Center, ginugrupo ang mga bata ayon sa kanilang kakayahan at tinuturuan ng guro 1 beses sa 1 lingggo. Sa isang klase 2 oras ang pagtuturo ng Nihongo. Ang mga batang taga Suruga ku at Aoi ku ay pinaghahati sa 2 klase. May pang Miyerkoles at may pang Huwebes. Para sa mga bata sa Shimizu ku, pang Huwebes ang Junior High school, at pang Martes • Miyerkoles namanang mababang paaralan.	Pagbisita at Pagtuturo sa Paaralan Bibisitahin ng guro ang dayuhang mag-aaral sa paaralan ng 10 beses sa 1 taon, tuturuan ng Nihongo ng 45 minutos para sa mababang paaralan at 50 minutos para sa Junior High school. Pag-uusapan ang bagay na ito ng bibisitang guro at ng paaralan. Iba iba ang bilang ng araw ng pagtuturo depende sa paaralan.
--	--

#### PAGPAPAYO

Pabibisitahin ng tagapayo ang mag-aaral na dayuhan sa paaralan upang magbigay ng payo ukol sa patakaran at pamumuhay sa paaralan. Pakikinggan din ang suliranin ng bata sa kanyang pag-aaral. Isasagawa ito nang mga 3 beses sa 1 taon.

## 5 May pagkakataon bang mag-observerba ang ma magulang sa klase ng Nihongo?

Isinasagawa ang pag-oobserverba ng magulang sa klase 1 beses sa isang taon sa buwan ng Mayo. Ipapadala ang sulat sa magulang sa pamamagitan ng homeroom teacher. Hinihiling po namin na bisitahin ninyo ang inyong anak sa klase ng Nihongo para Makita ang kanyang kalagayan. Pag-katapos ng pag-observerba, maaari ring makipag-usap sa guro para sa pag-aaral ng anak.

## 6 Oras ng klase sa Nihongo

Para sa klase sa Nihongo

Pareho sa lahat ng grupo sa kahit anong araw

Pagpasok sa klase 13 : 30 ~ 13 : 50 (14 : 00 sa Morishita Center)

Pumasok sa Center nang hindi nagmamadali.

- Maaaring maglakad o sumakay ng bus.
- Bawal ang pumasok na nakabisikleta, liban sa kung may kasamang magulang.
- Sisiguraduhin ng guro ng center kung pumasok sa klase ang bata.
- Kung hindi papasok o uuwi nang maaga, tumawag sa homeroom teacher at ang homeroom teacher naman ang tatawag sa Nihongo Shidou Center.
- Sa mga oras na ito isinasagawa ang pag-uusap ng guro at magulang, o pagbigay payo sa suliranin ng bata

\*Mag-uusap ang magulang at guro sa simulang pagpasok ng bata sa Nihongo Shidou Center.  
Tinitingnan din ang abilidad ng bata sa pakikinig o pagsulat sa Nihongo.

1 pagkklase 13 : 50 ~ 14 : 35 Klase sa Nihongo (Morishita Center: 14:00 ~ 14:50)

2 pagkklase 14 : 50 ~ 15 : 35 Klase sa Nihongo ( " 15:00 ~ 15:45)

Pag-uwi 15 : 35 ~ 15 : 50 Uwian 15 : 50 ( " 15:45 ~ 16:00)

## 7 Paano humiling sa pagpasok sa klase ng Nihongo?

Sulatan ang application form. Ibigay ito sa paaralang pinapasukan ng anak. Maaring idownload ang application form mula sa home page ng Shizuoka City Komite ng Edukasyon Seksiyon ng Edukasyon sa Paaralan. Ang application form ay nakasulat sa Wikang Portuguese, Spanish, Tagalog at Chinese. Makakapag-aplay sa pamamagitan ng paaralan. Ipapaalam ng paaralan sa magulang kung kailan ang unang araw na makakapasok ang bata sa klase ng Nihongo.

Shizuoka City, Komite ng Edukasyon, Seksiyon ng Edukasyon sa Paaralan,  
Tagapamahala ng Pagpapalano.

Home page URL <http://www.gakkyo.shizuoka.ednet.jp/>